TINIG NG KATOTOHANAN, BALITANG MAAASAHAN, IMPORMASYONG MAY PATUTUNGUHAN

# Ang TALAHAYAGAN

TOMO 3, TAON 2, BLG. 1
HULYO - DISYEMBRE 2023

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN SA FILIPINO NG MATAAS NA PAARALANG PAMBANSA NG LUIS Y. FERRER, JR. - NORTE

Pa. 03 | OPINYON
*Benepisyo ng Edukasyon, 'wag sayangin*
Pa.04 | LATHALAIN
*SIP tungo sa mas pinatibay na kakayahan*
Pa. 05 | AGHAM
*ALAMIN: Mga epektong pangkalusugan ng Vog o Volcanic Smog*

## 22 HPTA, pinarangalan sa Stakeholders' Summit

ni: Kurt Lewelle A. Sta. Ana



Dr. Daisy Z. Miranda, CESO V, *Schools Division Superintendent* ng Dibisyon ng Heneral Trias habang nagbibigay ng isang mensahe para sa mga *stakeholders* ng paaralan.

**Ika-7 ng Disyembre 2023 - binigyang parangal sa ginanap na Stakeholders' Summit ang 22 HPTA ng Mataas na Pambansang Paaralan ng Luis Y. Ferrer Jr. North na nakapagtala ng 50-100 porsyento sa membership fee ng School-Parent Teacher Association (SPTA) na gagamitin sa kanilang proyektong tangke ng tubig.**

Kinilala rito ang mga organisasyon ng mga *stakeholders,* indibidwal na *donors,* at mga tagapayo kasama ang mga pangulo ng mga HPTA (Homeroom Parent-Teacher Association) na katuwang upang malikom ang nasabing *fee.*

Ang *summit* na ito ay may temang *"Synergy of Support: Empowering Partnership, Fueling Project IKASA's Success"* na pinangunahan nina G. Salvador B. Quigaman, Koordineytor ng Project IKASA (Sa Norte, Ikaw ay KAisa, KAsama at KAsangga), at G. Manolo L. Barles, Koordineytor ng *Adopt-a-School Program* bilang mga tagapagdaloy ng programa.

"Layunin ng aktibidad na ito na matulungan ang mga mag-aaral at ang buong komunidad ng paaralan," Ani G. Quigaman. Dagdag pa niya, "Nakakataba ng puso na makitang hindi sila nagsasawang tumulong sa atin sa loob ng maraming taon."

Nagpahayag din ng suporta ang ating Alkalde, Hon. Luis "Jon-Jon" Ferrer IV sa pamamagitan ni Dr. Prudencio M. Animas, *Education Consultant* ng lungsod, na siyang nagpahayag ng kahalagahan ng sama-samang pagsusumikap sa mga proyektong pangkomunidad. Ang mga kilalang panauhin tulad nina Dr. Glenda A. Recto (Tagamasid-Pampurok ng Cluster 6), Dr. Rizal Vidallo (Tagapangasiwa ng Programang Pang-edukasyon sa Edukasyon sa Pagpapakatao), at iba pang kinatawan mula sa Kagawaran ng Edukasyon o DepEd ay nagbigay din ng kanilang suporta sa kaganapan. Kinatawan ni SK *Chairwoman* ng Pasong Camachile II na si Bb. Eunice D. Guino-o ang mga opisyales ng Barangay at Sangguniang Kabataan.

Isang simbolikong *toast* ang naging pagtatapos upang ipagdiwang ang tagumpay ng kanilang sabay-sabay na pagsusumikap. Hindi lamang pinalakas ng kaganapan ang ugnayan sa pagitan ng mga stakeholders kundi nagbukas din ito ng landas para sa patuloy na tagumpay ng Project IKASA. Isang patunay ang natapos na Stakeholders' Summit sa lakas ng kolektibong pagsusumikap sa positibong pagbabago sa komunidad.

### Mga pinarangalang HPTA

***Diamond Awardees (100%):***
**7 - Boyle** *(Gng. Noemi T. Pacis)*
**7 - Eucalyptus** *(Gng. Frangeline M. Manuel)*
**7 - Aristotle** *(Gng. Lilibeth P. Serrano)*
**8 - Ampere** *(Gng. Jeanette P. Destajo)*
**8 - Bach** *(Gng. Marites T. Sequitin)*
**9 - Antiphon** *(Gng. Gina G. Tubanza)*
**9 - Blake** *(Gng. Odette E. Chato)*
**10 - Archimedes** *(Gng. Babeth T. Francisco)*
**10 - Bryant** *(Gng. Jaczhel Bustrillo)*

***Gold Awardees (75%):***
**7 - Hemlock** *(Gng. Julie Anne I. Idul)*
**7 - Carter** *(Gng. Rubilyn Adriano)*
**8 - Diaz** *(Bb. Mary Ann C. Silva)*

***Silver Awardees (50%):***
**7 - Goldenbush** *(Gng. Marissa P. Papiona)*
**7 - Florence** *(Gng. Crystal E. Delariarte)*
**8 - Indicolite** *(Gng. Maria Vicky R. Paguirigan)*
**8 - Gold** *(G. Jeffrey L. Pascua)*
**9 - Honesty** *(Gng. Bernadette E. David)*
**9 - Donaire** *(Gng. Orchid A. Medina)*
**9 - Goodwill** *(Gng. Bernafe M. Ortega)*
**9 - Fortitude** *(Gng. Lilibeth L. Cristobal)*
**9 - Integrity** *(Gng. Mary Grace G. Dela Fuente)*
**10 - Hegel** *(Gng. Divina L. Sabilla)*

## Servan, nag-uwi ng medalya mula International Junior Math Olympiad


Servan bago ang kanyang patimpalak (International Junior Math Olympiad) noong ika-8 ng Disyembre sa The Stokes Hotel, Bali, Indonesia.

**Muling ipinamalas ng Kabataang Norte ang kanilang kakayahan sa larangan ng Matematika nang mag-uwi si Raphael Jhoesef A. Servan, mag-aaral mula sa 10 - Archimedes ng bronze medal sa *International Junior Math Olympiad* o IJMO, noong ika-6 hanggang ika-11 ng Disyembre, 2023 sa Bali, Indonesia.**

Isa si Servan sa mga pambato pagdating sa *math competitions* simula pa lamang noong elementarya. Nagningning ang kaniyang husay at galing sa asignaturang matematika ngayong sekondarya nang muli siyang nag-ensayo sa ilalim ng kaniyang tagapagsanay na si G. Reynaldo F. Galos. Mas umigting ang kanilang puspusang paghahanda nang siya'y makapasok bilang kalahok sa IJMO. Mapapaaralan man o mapatahanan, hindi niya tinigilan ang pagsasanay dahil mas pinag-igihan pa niya ang paghahanda para sa kompetisyon. Ani Servan, malaki ang naging tulong ng lahat ng sumuporta upang makamit niya ang tansong medalya. Dagdag pa niya sa isang panayam, "Magkahalong *pressure* at saya ang naramdaman ko no'n. At kung mabibigyan man ako ng *chance* ulit na lumaban edi bakit hindi?"

Saad naman ni G. Galos, "*Mind conditioning* ang tanging alas sa paglaban, *either win or lose,* dapat handa siya at siyempre ang pananampalataya." Simula pa lamang ng kanilang pag-eensayo ay ipinamalas nila ang sipag at tiyaga na hindi naman sila binigo. Kung kaya, ganoon na lamang ang naging pasasalamat nila sa walang sawang suporta at tulong mula sa paaralan at *Local Government Unit* (LGU) ng lungsod upang siya'y makapag-uwi ng tansong medalya sa larangan ng Matematika sa bansa.

nina: Alyssa G. Manalo

# Suporta ng mga magulang, bumuhos sa SOSA

**Tumatak ang ika-11 ng Nobyembre, taong 2023 sa mga magulang na dumalo sa Norte matapos ganapin ang *State of the School Address* (SOSA) kasunod ang *Parent-Teacher Conference* o PTC ng Unang Markahan sa pangunguna ni Dr. Naneth P. Salvador, Punongguro I.**

Napuno ang covered court ng paaralan ng mga mag-aaral, magulang, at iba pang *stakeholders* upang pakinggan ang ulat ni Dr. Salvador para sa natapos na Unang Markahan.

Kasama sa mga naging usapin dito ang naging resulta ng *enrollment* kung saan kapansin-pansin na bumaba ang bilang ng mga mag-aaral na nagpa-enrol sa paaralan. Dahil ito sa pagbubukas ng Luis S. Ferrer III Integrated National High School (LSFINHS) sa Parklane, Lungsod ng Heneral Trias. Ani Punongguro, maraming mag-aaral ang lumipat doon mula LYFJNNHS kung kaya't marami ang nabawas na mag-aaral kumpara sa nakaraang taong panuruan.

Ipinagmalaki naman ng Punongguro ang ilang matagumpay na proyekto at programa ng paaralan. Isa rito ang Project SINULID (School Initiative in Numeracy and Literacy Development) kung saan tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na humusay magbasa at magbilang. Ito ay dahil sa pagpupunyagi ng mga guro sa Filipino, Ingles, at Matematika na turuan ang mga bata sa ilalim ng proyektong ito.

Sa kabilang banda, ang mga ulat-pinansyal ng paaralan gaya ng *Canteen Report* at *Maintenance and Other Operating Expenses* (MOOE) ay ipinakita rin. Isa-isa niya ang kinita at pondong natanggap ng paaralan, pati ang lahat ng mga naging gastusin nito sa kuryente, tubig, pagpapaayos, at iba pang mga bayarin nito.

Sumunod ang PTC matapos ang SOSA kung saan ipinamahagi ng mga gurong tagapayo ang markahang ulat o *report card* ng mga mag-aaral para sa natapos na markahan.

Naging pagkakataon ito ng mga magulang at tagapangalaga na kamustahin ang naging perpormans ng kanilang mga anak. Hinikayat ng mga guro ang kabataang Norte na mas pagbutihin ang kanilang pag-aaral sa mga susunod pang markahan.

Samantala, sa pagpapatuloy ng Ikalawang Markahan ngayong Enero ay inaasahan pa ang mas pagpupursigi ng mga mag-aaral dahil sa nakaraang pagganap nila sa Unang Markahan.

ni: Gariana Coline E. Roche


Dr. Naneth P. Salvador habang nagbibigay ng talumpati sa unang State of the School Adress noong ika-11 ng Nobyembre, taong 2023.

# Paskuhan sa Norte, naging makulay


**KAGALAKAN.** Pagtatanghal ng Student Teachers sa Overall Christmas Party at Gift Giving Ceremony noong ika-15 ng Disyembre, taong 2023.

**Sa pamamahala ng mga student teachers katuwang ang mga mag-aaral at kaguruan, matagumpay ang naging pagdaraos ng paaralan para sa kapaskuhan noong ika-29 ng Nobyembre hanggang ika-5 ng Disyembre, taong 2023.**

Kaagapay ang iba't ibang organisasyong pampaaralan, ang pangongolekta ng mga *recyclable materials* at iba pang mga bagay na maaari pang pakinabangan ay isinagawa bilang paghahanda ng mga disenyo para sa aktibidad na Paskuhan sa Norte.

Makalipas ang isang linggo, sa unang araw ng Disyembre ay pinailawan na ang *Christmas Tree* sa pangangasiwa ng mga guro sa MAPEH. Bumungad ang mga makukulay na ilaw at samu't saring *recyclabled* na mga palamuti kasabay ang ilang kantahan upang salubungin ang pagpasok ng buwan ng Disyembre.

At dahil buwan ng kapaskuhan, isa sa mga paligsahang naisagawa ay ang Himig Norte Singing Contest na ginanap noong ika-6 ng Disyembre. Nasungkit ni Ian Lorraine Apao mula pangkat Da Vinci, baitang 10 ang unang pwesto, Ryanalyn Faye Clemente ng pangkat Archimedes, baitang 10 sa pangalawa, at Andrielle R. Cayao mula baitang 9 sa pangkat John ang pangatlo.

Hindi rin nagpahuli ang mga makukulay na mga parol sa *Parol Making Contest* na "PasKulay 2023". Naiuwi ng seksyong Cooper sa ika-siyam na baitang ang pagiging kampeon. Samantala, nakamit naman ng 9 - Integrity ang unang pwesto at ikalawang pwesto ang 7 - Aristotle. Ang ilang *special awards* na iginawad sa iba't iba pang mga pangkat ay ang mga sumusunod: *Most Colorful at Giant Parol sa* 7 - Aristotle, *Cutest Parol* sa 8 - Gold, *Pennywise Award* sa 9 - Blake at *Most Eco-friendly Parol* para sa 10 - Franklin.

Nagpasiklaban sa pagsayaw ang mga piling mag-aaral para sa ChristmaSayaw na ginanap noong Disyembre 13. Natanggap ulit ng Cooper sa ika-9 na baitang ang kampeonato, unang pwesto naman para sa 9 - Antiphon at pangalawang pwesto sa 8 - Bach.

"Masaya, sana ay maulit pa sa susunod", ani Cassandra Stacey Abella na isang mag-aaral sa pagdaraos ng overall *Christmas Party* at *Gift Giving Ceremony* noong ika-15 ng Disyembre, 2023. Sa programang ito naparangalan ang mga nagwagi sa mga nabanggit na aktibidad kasabay ang maikling pamimigay-handog ng paaralan.

ni: Alyssa G. Manalo

## MGA KARAGDAGANG BALITA

nina: Adrian Simon T. Jalimao, Kurt Lewelle A. Sta. Ana, at Khrizna T. Tolentino

### Film Showing, dinumog ng 1,400 mag-aaral

**Dinumog ng mahigit 1,400 mag-aaral ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Luis Y. Ferrer, Jr. - Norte ang tatlong sinehan sa SM Pala-Pala upang panoorin ang produksyon ng Sining Pinagpala na pinamagatang "Y.O.L.O. *(You Only Live Once)*" nitong ika-27 ng Nobyembre at ika-8 ng Disyembre, taong 2023.**

Ang aktibidad na ito ay ginanap sa pangunguna ni Ginang Gigi Lyn V. Aticaldo, Koordineytor ng Ingles, kasama ang *School Parent-Teacher Association* o SPTA at ang mga gurong tagapayo ng bawat pangkat bilang pagdiriwang ng *English at National Reading Month* noong Nobyembre.

"*Overwhelming.* Napakasaya na grabe ang suporta ng mga mag-aaral natin sa *activity*. *In fact,* napakarami pang gustong humabol para makasama pero hindi na napagbigyan," Saad ni Gng. Aticaldo. Dagdag pa niya, ang kinita sa nasabing aktibidad ay gagamitin sa mga proyekto ng paaralan para sa mga mag-aaral.

### North Ally, nagpasiklab sa Valenciana Festival


**Noong ika-12 ng Disyembre ng nakaraang taon, sinimulan ang pagdiriwang ng *Valenciana Festival* sa isang masiglang parada mula alas tres hanggang alas singko ng hapon kung saan nakilahok ang *Dance Club* ng Norte na *North Ally.***

Pormal na nagsimula ang kompetisyon ng sayaw sa ganap na alas siyete ng gabi. Nagtagisan sa sayawan ang ilang mga paaralan sa Heneral Trias kabilang na ang paaralan.

Kinagabihan, ipinakita ng *North Ally* sa ilalim ni Gng. Allyza B. Labastida ang kanilang husay sa pagsayaw. Lubos ang pagsuporta ng paaralan at ni Dr. Naneth P. Salvador, Punongguro I sa mga katangi-tanging mananayaw na ito.

Ang TALAHAYAGAN
ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN SA FILIPINO NG MATAAS NA PAARALANG PAMBANSA NG LUIS Y. FERRER, JR. - NORTE

Madel S. Rosario
Punong Patnugot
Gariana Coline E, Roche
Pangalawang Patnugot
Adrian Simon T. Jalimao
Tagapamahala ng mga Patnugot/Tagaley-awt ng Pahayagan
Maria Isabel B. Casimero
Pangalawang Tagapamahala ng mga Patnugot/Taga-edit
Alyssa G. Manalo
Patnugot ng Balita
Chelsea B. Rollo
Patnugot ng Editoryal
Zaiky Gail B. Zapanta
Patnugot ng Lathalain
Iris Anne D. Seachon
Patnugot ng Agham at Teknolohiya
Grace Nathalie S. Baladjay
Patnugot ng Isports
Casey D. Gatdula
Tagakuha ng Larawan
Enzo Arzaiah D. Villianueva
Tagaguhit ng Larawan
Maria Jhienyrah C. Jaya
Pagwawasto ng Sipi at Pag-uulo ng Balita
Kurt Lewelle A. Sta. Ana at Khrizna T. Tolentino
Kontribyutor
Gng. Liezel D. Globio
Gurong Tagapayo
G. Christopher V. Pegollo
Focal Person ng Filipino
Naneth P. Salvador, EdD
Punongguro I



Iginuhit ni: Enzo Arzaiah V. Villianueva

# Benepisyo ng Edukasyon, 'wag sayangin

**Sisimulan na ng *State Universities and Colleges* (SUCs) at *Local Universities and Colleges* (LUCs) ang pagtatapos ng kanilang programang *Senior High School* (SHS) na isa sa napagkasunduan ng *Commission on Higher Education* (CHED) at *Department of Education* (DepEd).**

Mula sa tagapamahala ng CHED na si Popoy De Vera noong taong 2015, sila ay nakipagkasundo sa DepEd na ang SUCs ay pansamantalang mag-aalok ng *Senior High School* sa panahon ng K-12 *program*, taong 2016 hanggang 2021. Ang pagtanggal ng SHS sa mga SUCs ay maaaring maging sanhi ng *overpopulation* sa mga pampublikong paaralan. Kahit ganoon, tatanggap pa rin ang DepEd ng mga mag-aaral sa SHS na mula sa mga SUCs at LUCs.

Ang pagpapatupad nito ay hindi maipagkakailang walang benepisyo sa parehas na pampribado at pampublikong paaralan dahil bukod sa kokonti ang mga mag-aaral sa *private school*s ay maaaring hindi rin magiging sapat ang *budget* na maibibigay sa mga pampulikong paaralan sa dami ng mga mag-aaral. Maaaring bumaba ang sahod ng mga guro at mabawasan ang mga benepisyong kanilang natatanggap.

Dapat ay hindi tapusin o tanggalin ang SHS at *vouchers* sa mga SUCs at LUCs sapagkat higit na madaragdagan ang bilang ng populasyon ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan. Malaki ang posibilidad na magkaroon pa ng *Saturday classes o third shift* ang mga paaralang ito na magiging dahilan ng mas paglala ng kalidad ng edukasyon. Marami ring benepisyo ang masasayang para sa mga mag-aaral, hindi lang ang pagkakaroon ng 50 hanggang 100 porsyento ng diskwento sa matrikula, pati na rin ang pagkakaroon ng de-kalidad na edukasyon.

Kung ito ay tatanggalin na ng CHED at DepEd, ano na ang mangyayari sa pangarap ng mga mag-aaral na umaasa sa *voucher* na ito? Maraming guro, pampublikong paaralan, at mag-aaral ang mahihirapan, lalo na ang mga mag-aaral na nasa huling taon na ng Junior High School. Ang kalidad ng edukasyon ang dapat pagtuunan ng pansin. Pangarap ng mga mag-aaral ay huwag sirain.

ni: Chelsea B. Rollo

# Panatag sa Edukasyong MATATAG

**Ika-7 ng Disyembre 2023 nang ilabas ang resulta ng PISA o Programme for International Student Assessment kung saan ika-77 lamang ang Pilipinas sa 81 iba't ibang bansang nakilahok dito kabilang na ang Japan, Singapore, Canada, at Netherlands. Kasama ng bansa ang Guatemala, El Salvador, Paraguay, at Cambodia bilang mga pinakamahihina pagdating sa matematika, pag-intindi ng binabasa (reading comprehension), at agham. Nakapokus ang programang PISA na malaman ang progreso at kalakasan ng mga 15 taong gulang pataas sa bansa sa mga nabanggit na kategorya.**

Walang pinagkaiba ang resulta magmula noong 2018 sa 2022 dahil below average score pa rin ang nakamit ng Pilipinas sa lahat ng kategorya. Ayon sa OECD (Organization for Economic Cooperation and Development), ang bawat 20 puntos na kulang mula sa pamantayang iskor ay nangangahulugang isang taong huli ang sistema ng edukasyon ng isang bansa kumpara sa iba pang kalahok din sa PISA. At dahil 120 puntos ang kulang ng bansa upang maabot ang average score, nasasabing anim na taong huli ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas kumpara sa mga nangungunang bansa tulad ng Singapore at Japan.

Bilang solusyon, lubos na makatutulong ang ilalabas na kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon o DepEd na MATATAG curriculum na ang pokus ay: lenggwahe, pagbasa, literatura, matematika, pagiging makabansa, at GMRC o Good Moral and Right Conduct. Ito ngayon ang pinaiigting ng bagong Kalihim ng DepEd na si Sara Duterte simula nang siya'y maupo. Ang MATATAG ay nagbibigay ng mas kaaya-aya at makabagong mga paraan upang lalong lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Sa taong panuruang 2024-2025, magsisimula ang pag-iimplementa nito sa Kindergarten at Grade 1, 4, at 7. Sa 2025-2026 naman ang ika-2, 5, at 8 na baitang at sa 2026-2027 naman ang baitang 3, 6, at 9. Panghuli ang ikasampung baitang na magkakaroon nito sa taong panuruang 2027-2028.


Bukod pa rito, mas mabibigyang pansin din ang mga nabanggit na kategorya at magkakaroon ng posibilidad na tumaas mula below average na iskor ang mga mag-aaral na nakilahok sa PISA sa pamamagitan ng kalulunsad lamang na Catch-up Fridays Program ng DepEd na inilulunsad tuwing biyernes.

Ang PISA ay isang malaking tulong upang ipagbigay-alam sa mga mamamayan ang estado ng edukasyon sa kasalukuyang henerasyon. Dahil dito, nailulunsad ang mga programa tulad na lamang ng Catch-Up Fridays at kurikulum na MATATAG upang matulungan ang bansa na umunlad sa larangan ng edukasyon. Nangangailangang pagtuonan ng pansin at lalong pagyamanin ang karunungan ng kabataan dahil kung may mataas na kalidad ang edukasyon ay magkakaroon ang kabataan ng mas malinaw na pagpapahalaga sa mga propesyon.


ni: Maria Jhienyrah C. Jaya

**Ang mga Special Program Sections sa Norte:**

**MathSci Sections**
Grade 7 - Aristotle
Grade 8 - Ampere
Grade 9 - Antiphon
Grade 10 - Archimedes



**Journalism Sections**
Grade 7 - Boyle
Grade 8 - Bach
Grade 9 - Blake
Grade 10 - Bryant



**Arts Sections**
Grade 7 - Carter
Grade 8 - Cameron
Grade 9 - Cooper
Grade 10 - Da Vinci



**Sports Sections**
Grade 7 - Carter
Grade 8 - Cameron
Grade 9 - Donaire
Grade 10 - Crawford



# SIP tungo sa mas pinatibay na kakayahan

**Ang *Special Interest Program* of DepEd (SIP) na itinaguyod sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Luis. Y. Ferrer, Jr. North simula sa taong panuruan na 2023-2024 ang nagsilbing ilaw sa daan ng mga kabataang may mga talento na may kagustuhan pang pagbutihin ang kanilang mga kakayahan.**

Sa paglipas ng mga taon, patuloy ang pagsibol ng mga pagbabago sa edukasyon tungo sa mas maayos na pamumuhay ng mga mamamayan. Isa ang programang SIP na naglalayon nito.

Ang pagkakaroon ng mga seksiyon na *Math and Science Class, Journalism Class, Arts Class,* at *Sports Class* sa lahat ng lebel ay isa sa mga natatanging bunga ng pag-unlad sa paaralan. Naglalayon itong punan ang interes at talento ng kabataan ayon sa kakayahan ng bawat isa. Tatayong mga tagapaghanda ng bawat mag-aaral anuman ang kanilang galing at pangangailangan ang mga kaguruang kaagapay ng programang ito.

Ipinaiiral ang mga makabagong paraan ng pagtuturong siksik ng iba't ibang mga estratehiya at teknolohiya upang mapanatili ang mataas na kalidad ng edukasyon para sa lahat simula nang nagsimula muli ang taong panuruan.

Bida sa pag-usbong ng unang taon ng pagpapatupad nito ang lahat ng mga mag-aaral na may kakayahang ipagpatuloy ang pag-unlad hindi lamang ng komunidad pero maaaring maging ng bansa.

Natututunan ng kabataan hindi lamang ang mga pangunahing asignatura kundi maging ang mga paraan paano mas payayabungin ang sarili sa ilalim ng programang ito.

Ngayon, sa ilalim ng matibay na pamumuno at mainit na pagsuporta mula sa paaralan, patuloy na naglalakbay at nagtatagumpay ang programang ito. Isang patunay ang programang ito na hindi lamang obligasyon ang pagtuturo.

Hindi ito isang programa na isinagawa upang iharap sa diskriminasyon ang kabataan at pagkokompitensiya. Nagbubukas ito ng oportunidad, nagtataguyod ng pag-unlad, at nagtatanim ng mga binhi ng pag-asa kung ito'y iisipin sa mas malawak na pag-uunawa.

ni: Maria Isabel B. Casimero

# Jaya, ang munting Kongresista

**Si Maria Jhienyrah C. Jaya mula sa baitang 10, pangkat Bryant ay hindi lamang ang kasalukuyang pangulo ng *Supreme Secondary Learner Government* (SSLG), kundi siya rin ang natatanging *Little Congressman* ng Lungsod ng Heneral Trias, Cavite.**

Hindi madali ang pagiging munting kongresista, dahil sa likod ng pagkakaroon ng kapangyarihang mamuno ay may kaakibat itong malaki at mabigat na responsibilidad. Ang pagkakahalal kay Jaya bilang nag-iisang Little Congressman ay nangangahulugang kaisa na siya ng lokal na pamahalaan sa pagpaplano ng mga aktibidad na pangkomunidad lalo na sa mga proyektong para sa kabataan.

Sa larangan ng akademya at pulitika, si Jaya ang unti-unting lumitaw at naging simbolo ng pag-asa at disiplina sa mga mag-aaral sa Norte.

Ang kanyang pag-usbong mula sa pagiging estudyante hanggang sa pagkamit niya ng pagiging munting kongresista ay naglalarawan ng isang kuwento ng determinasyon at tagumpay.

Si Jaya ang naging tinig ng mga kabataan sa kanyang nasasakupan. Naisusulong niya ang proteksiyon at karapatan ng bawat mag-aaral sa abot ng kaniyang makakaya. Ang kanyang malakas na boses ay nagdadala ng disiplina 'di lamang sa loob ng paaralan kundi pati na rin sa labas nito. Huwaran ng mga mag-aaral ang pamumuno niya at pagbabalanse ng oras.

Naging malaking hamon man para kay Jaya ang pagsabayin ang pag-aaral at pamumuno sa pamamagitan naman ng determinasyon at tibay ng loob ay napagtatagumpayan niya ang mga nakaatang na gawain.

Tunay ngang ang pagiging isang pinuno ay mas higit pa sa posisyon. Ito'y isang mahalagang papel na nakakamit lamang ng mga taong may kagustuhang hubugin ang sariling kagalingan at komunidad na nasasakupan.

Hindi lamang nagdadala ng mga plano at proyekto ang isang lider, kundi higit sa lahat, nagbibigay din sila ng inspirasyon at nagtataglay ng kakayahang magsilbing ilaw sa gitna ng dilim at kawalan ng direksyon. Ang tunay na mamumuno ay hindi sumusuko sa hamon. Ito'y isang pagmumulat sa puso't isipan upang bigyang halaga ang kakayahan ng bawat isa. Ang isang lider ay nagbibigay inspirasyon sa bawat kasapi ng kanyang pamayanan.

ni: Zaiky Gail B. Zapanta

# Pangarap kong medalya, nasungkit sa Singapora

**"Sipag ang mananaig sa medalyang aking iniibig." Wika ni Jalimao nang nakauwing may dalang mga medalya mula Singapora.**

Kamakailan lamang nang magkamit ng parangal sa isang kompetisyon ng Matematika ang mag-aaral na si Adrian Simon T. Jalimao ng ika-10 na baitang mula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Luis Y. Ferrer, Jr. North.

Isa si Jalimao sa mga mag-aaral na nabigyang oportunidad na maipakita ang husay sa larangan ng Matematika. Isa siya sa mga nagrepresenta ng bansa sa *Singapore International Math Olympiad Challenge o SIMOC* na ginanap noong ika-22 hanggang ika-25 Hulyo, 2023.

Hindi man madali ang pag-abot niya sa kaniyang pangarap ay hindi niya ito inalintana upang makalahok sa paligsahang tulad nito. Si Jalimao, bilang isa sa hindi naman ganoon kapalad sa buhay ay hindi umaasang siya'y makakapag-ibang bansa. Ngunit dahil sa pinagsamang dasal, tiwala, at kamay ng mga sumusuporta sa kaniya ay nakaya niyang umahon sa hirap at mas pinagbuti pa niya ang sarili.

Dahil dito, nasungkit niya ang pilak na medalya sa kategorya ng *Mind Sports* at tansong medalya naman para sa *Math Warriors.* Higit pa roon nakapagkamit din siya ng marangal na pagbanggit sa kategorya ng *Math Olympiad.*

Ganoon na lamang ang naging lubos na pasasalamat niya sa mainit at walang sawang pagsuporta ng kaniyang pamilya, mga kakilala, ng paaralan, at sa Alkalde ng Lungsod ng General Trias, Cavite na si Hon. Luis "Jon-Jon" Ferrer IV sa kaniyang pagtahak ng hangaring makalipad at manalo sa isang patimpalak sa ibang bansa.

Maihahalintulad ang mga *math equations* bilang pagkamit ng mga pangarap sa buhay. Mahihinuha mang mahirap sa unang tingin ang pangarap ni Jalimao na makakuha ng medalya, wala naman itong ilalaban kung tatapatan ito ng sipag, tiyaga, at pagtitiwala sa sarili.

Sadyang mayroong mga sitwasyon sa buhay na mukhang walang katiyakan kung unang titignan. Ngunit sa tulong ng mga pinagsama-samang *life formulas* o mga paraang itinuturo ng araw-araw, hindi malabong ito'y kayang-kayang masolusyunan.

ni: Zaiky Gail B. Zapanta

# ALAMIN: Mga epektong pangkalusugan ng Volcanig Smog



**KASIGURADUHAN.** Mga mag-aaral ng Baitang 7, Pangkat Aristotle na nakasuot ng mask kasama ang kanilang guro, Gng. Liezel D. Globio habang nagkaklase dahil sa banta ng Vog.

**Inanunsyo ng Pamahalaang Lungsod ng Heneral Trias ang pagsuspinde ng klase sa iba't ibang antas, mapa-pampubliko man o pribadong paaralan noong ika-22 ng Setyembre. Ito'y dahil sa babala ng *Philippine Institute of Volcanology and Seismology* o PHIVOLCS tungkol sa mga negatibong epekto ng volcanic smog o usok na nilalabas ng bulkang Taal.**

Naglabas ng abiso ang PHIVOLCS tungkol sa naging mga gawain ng bulkan kasama ang paglabas nito ng 4,569 tonelada kada araw ng *sulfur dioxide* o SO2 simula noong unang linggo ng Setyembre. Ang hindi karaniwan at delikadong dami ng gas na ito ay nagdulot ng pagkabahala sa mga lalawigang malapit sa Taal dahil sa dami ng usok na nakikita sa iba't ibang mga lugar. Ang CALABARZON ang sinasabing pinakaapektado nito. "Ang malakas na hangin ay isa sa mga dahilan bakit mabilis na kumalat ang vog," Ani Teresito Bacolcol, ang direktor ng PHIVOLCS.

Isang epektong dulot ng gawaing pambulkan na binubuo ng pinong *volcanic gas* tulad ng SO2 kasama ng *oxygen*, alikabok, sinag ng araw, at moist ang *volcanic smog* o *vog*. Ayon sa *US Geological Survey,* maaaring magdulot ng pananakit ng ulo at iritasyon sa mata, lalamunan, at baga ang pagkakalantad sa vog depende sa tagal ng paglanghap dahil ang mga gas na bumubuo rito ay *acidic*. Bagama't Enero pa ng 2022 ang huling panggugulantang ng bulkan, ito'y nanatiling nasa *Alert Level 1,* lebel kung saan abnormal na nararanasan ang kaunting paglindol, *ashfall*, at usok sa paligid ng bulkan. At dahil ang Taal ay nananatiling aktibo, dapat na isagawa pa rin ng mga lugar malapit dito tulad ng Heneral Trias ang pag-iingat laban sa masamang dulot ng *vog* kung ito'y muling magparamdam.

Ang paglilimita ng paglabas ng bahay, pagsusuot ng N95 o KN95 na *face masks*, pag-inom ng maraming tubig, at paghahanda ng *emergency kit* ay ilan sa mga pag-iingat na maaaring gawin kapag may *vog* ayon sa Unilab PH.

Mahalaga ang panonood, pagbabasa, at pakikinig ng mga ulat Mas panatag ang may alam kaya nararapat lamang na iwasan ang kawalan ng ideya sa mga pinakabagong at maaasahang balita.

ni: Maria Isabel B. Casimero

# ABCDE Method laban sa maagang pagbubuntis

**"Huwag ipagpalit ang pangarap sa panandaliang sarap," ani Gng. Ellen Pata, ang mananalumpati sa isinagawang *Teenage Pregnancy Symposium* noong ika-13 ng Nobyembre, 2023 para sa mga opisyales ng iba't ibang organsisasyong pampaaralan.**

Ipinaunawa sa mga nagsipagdalong mag-aaral ang kalaliman at kabigatan ng paksang maagang pagbubuntis sa pamamagitan ng pagpapahayag ng lokal na datos tungkol dito. Ayon sa nakalap na impormasyon ng LGU *(Local Government Unit),* 10 porsyento ng kabataang nasa edad na 15 hanggang 19 taong gulang ang nabuntis na. Ito'y dahil sa impluwensiya ng *internet*; na pinaniniwalaang nagbubukas ng maraming opurtunidad sa kabataan na makakita ng pornograpiya at *online friends*. Mahigit 41.1% din kasi ng kabuuang populasyon ang aminadong hindi gaanong nauunawaan ang mga isyung may kaugnayan sa usaping ito.

Hindi na rin bago sa lahat na ang maagang pagbubuntis ay may masamang epekto sa katawan at sa magiging anak nito. Naiulat ng *The Asian Parent* na marami na sa mga kaso nila ang nagkakaroon ng kumplikasyon dahilan kung bakit maselan ang kanilang pagbubuntis. Ilan sa mga kumplikasyong ito ay ang mas mataas ng *blood pressure, premature birth, Sexually Transmitted Disease (STD),* at *Postpartum Depression* (isang seryosong kondisyon kung saan nakakaramdam ng matinding kalungkutan at pagkabahala ang isang nagbuntis pagkatapos manganak).

Diniin ni Gng. Pata ang ABCDE *method* upang makaiwas at maging solusyon para sa pagdami ng kaso ng *teenage pregnancy.* A para sa *'Abstain',* na nangangahulugang umiwas sa kahit anong sekwual na interaksyon sa salungat na kasarian. B bilang *'Be faithful'*. C ay *'Consult'*. Nangangahulugan itong dapat lamang na sa mga isyung patungkol dito ay nabibigyan ng gabay ang kabataan. Sumunod ang D para sa *'Do not drink or do drugs'*. At panghuli, E sa *'Educate yourself'*. Responsibilidad ng hindi lamang ng mga magulang ang magturo kundi pati ng kabataan para sa kanilang sarili.

Ang mga bagay na tulad nito ay hindi kailangang madaliin. Isipin hindi lamang ang kapakanan ng sarili kundi pati ang magiging kahihinatnan ng mga desisyong gagawin. Gabayan ang sarili at kapwa patungkol sa usaping ito.

ni: Maria Isabel B. Casimero

# North High, nakilahok sa Tree Planting Campaign ng DepEd

**Idinaos ang *tree planting* sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Luis S. Ferrer III Integrated noong ika-6 ng Disyembre, 2023 alinsunod sa *DepEd Memorandum No. 69 s. 2023 na "DepEd's 236,000 Trees - A Christmas Gift for the Children"*. Sinuportahan ito ng mga mag-aaral mula sa Luis Y. Ferrer, Jr. North NHS kasama ang iba't ibang organisasyon sa Luis S. Ferrer III Integrated National High School.**

Naglalayong punan ng proyektong ito ang pangangailangan ng LSFINHS na mga puno dahil sa malawak na espasyo nito sa paligid. Sama-samang nagtanim ang mga nagboluntaryong mag-aaral at organisasyon tulad ng *Youth for Environment and Schools - Organization* (YES-O), Boys Scouts, Girl Scouts, *Red Cross,* at *School Disaster Risk Reduction Management* (SDRRM) sa proyektong ito.

Maayos ang naging pagsasagawa ng aktibidad sa pangunguna nina G. Emmanuel C. Abando na Koordineytor ng *Red Cross* sa LYFJNNHS, G. Ryan Edel S. Abueg (LYFJNNHS SDRRM Koordineytor), Gng. Maricar O. Erna (Tagapayo ng YES-O sa LYFJNNHS), at G. Elmer P. Casajeros na Koordineytor ng SDRRM sa LSFINHS.

Ilan sa mga halamang naitanim ay ang guyabano na may siyentipikong pangalan na *Annona muricata*, mahogany *(Swietenia macrophylla),* at calamansi *(Citrus x microcarpa)*. Ayon sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya o DOST, nakapagpapababa ng *blood pressure* at lagnat ang magiging bunga ng tatlong halamang itinanim; bagay na lubos na makatutulong para sa mga may sakit kung kinakailangan man nila ang mga halamang-gamot.

Dahil sa kakulangan ng mga pananim ng kasalukuyang henerasyon, tumutulong ang LYFJNNHS sa pamamagitan ng pakikilahok sa pagtatanim kasama ang Gulayan sa Paaralan Project (GPP) na pinapangunahan ni G. Ryan Edel S. Abueg. Patuloy naman ang pag-aanyaya ni Dr. Glenda A. Recto, ang Tagamasid-Pampurok ng Cluster 6 sa kabataan na makilahok at makiisa sa mga proyektong pangkalikasan ng paaralan.



Mga mag-aaral mula sa LSFINHS at LYFJNNHS na nakilahok sa Tree Planting kasama si G. Abando na Koordineytor ng Red Cross.

ni: Iris Anne E. Seachon

Intrams 2023, LYFJNNHS vs. LSFINHS

# Norte, dinomina ang Luisians sa Volleyball

**Ika-24 ng Nobyembre, 2023 – wagi sa araw ng pagbubukas ng Intramurals 2023 ang mga manlalaro ng Luis Y. Ferrer, Jr. North National High School laban sa Luis S. Ferrer lll Integrated National High School nang magtapatan ang dalawang grupo sa larong *volleyball* na ginanap sa *Phase 4 Covered Court,* Mary Cris Complex.**

Matagumpay na dinomina ni John Raiven E. Lesniana, ang kapitan ng *Blue Royals Boys* at Jana Nicole Licuanan na kapitan ng *Blue Royals Girls* mula sa LYFJNNHS ang kanilang mga laro. Dahil dito, nakapagtala ang Blue Royals Boys ng iskor na 59-53 at Blue Royal Girls ng 50-18.

Sa magaling na opensa at diskarte upang mas maging pabor sa kanila ang laro, naging mainit ang labanan sa pagitan n Norte at Luisians (LSFINHS) sa unang *set* pa lamang. Nagresulta ito ng pagkalimbag ng mga puntos na 25-16 sa Volleyball Boys at 25-4 sa Volleyball Girls; mga iskor na pumapabor sa Blue Royals.

Sa sumunod na kwarter, naging *highlight* ng laro ang mga umarangkadang *service aces* nina Patrick Guinto ng Luisians Boys, Francisca Timbang ng Blue Royals Girls at James Geluz ng Blue Royals Boys na tunay na nagpabagsik ng laro. Nagdulot ito ng matinding kapanabikan ng mga manonood lalo na nang makabawi ang grupong Luisians 25-19 sa Volleyball Boys. Samantala, panalo pa rin ang mga Blue Royals Girls laban sa kababaihan ng Luisians nang nagtapos ang laban sa 25-14.

Dahil sa pagkapanalo ng Luisians sa ikalawang set, umabot pa sa pangatlong laban ang Volleyball Boys. Pinatunayan ng Blue Royals Boys ang kanilang kagalingan nang magtapos ang laban sa panig nila, sa kabuuang puntos na 15-12.

Ang mga manlalaro ng LYFJNNHS na nanalo ay patuloy ang pagsasanay hanggang ngayon. Ito ay para ihanda silang lumaban at irepresenta ang *Cluster 6* sa gaganaping *City Meet* ngayong Enero, taong kasalukuyan.

ni: Grace Nathalie S. Baladjay



**HAMPAS.** Jaybee Mediarito, manlalaro ng Blue Royals, habang sine-serve ang bola sa kabilang hati ng kanilang kalaban (Luisians).


# ISPORTS

Ang TALAHAYAGAN

TOMO 3, TAON 2, BLG. 1

HULYO - DISYEMBRE 2023

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN SA FILIPINO NG MATAAS NA PAARALANG PAMBANSA NG LUIS Y. FERRER, JR. - NORTE


# Blue Royals, humataw sa Badminton

**Sunod-sunod ang panalo ng Norte sa Intramurals 2023, matapos muling magwagi sa larong Badminton ang Blue Royals sa laban nito sa grupong Luisians nang nakapagtala sila ng 21-5 (Set A boys), 21-20 (Set B boys) at 21-18 (Set C doubles) ; 21-6 (Set A girls), 21-2 (Set B girls), 21-15 (Set C doubles) sa laban na naganap sa *Phase 4 Covered Court* ng Mary Cris Complex. ika-25 ng Nobyembre, Sabado, huling araw ng Intrams 2023.**


Unang set pa lamang ng single girls at boys nang tambakan ng sunod-sunod na smash nina Lance Lanuza at Fiona Lynn Fonte mula Blue Royals ang mga manlalarong Luisians. Nagresulta ito ng mabilis na pagtatapos ng laro sa mga puntos na 21-5 sa Single A Boys at 21-6 sa Single A Girls. Sumunod naman sa naghari ng covered court ang Single B Girls at Boys nang makapagtamo ang mga ito ng iskor na 21-2 (girls) at 21-20 (boys).

Lalo pang tumaas ang tensyon sa pagitan ng dalawang paaralan nang nagtapatan na ang mga doubles ng Badminton Boys at Girls dahil sa kanilang mga dikitang laban. Ngunit sa huli ay bigo pa rin ang Luisians na makuha ang pagkapanalo nang matapos ang laro sa iskor na 21-18 (boys doubles) at 21-15 (girls doubles)

"*Do their best* at ipagpatuloy ang pagiging disiplinado," Saad ni Ginoong Jomar Zapico, tagapagsanay ng mga manlalarong Luisians.

"Para sa gold award," iyan lamang ang nasambit ni Bb. Via Faye Mundala, gurong tagapagsanay ng Badminton Boys at Girls katuwang si G. Salvador B. Quigaman nang pinagpatuloy ng mga manlalaro ang kanilang mga pagsasanay.

ni: Grace Nathalie S. Baladjay



Carl Anthony Cadalso sa kanyang laban sa Badminton Boys Doubles noong Intrams 2023.

## Mga Kalahok sa Intramural Meet 2023



Pananabik ng magkabilang panig na North Blue Royals at Luisians na makaiskor sa Basketbol noong unang araw ng Intramural Meet 2023.

Pasasalamat ni G. Ferdinand Buenaventura, Koordineytor ng Isports, sa mga manlalaro noong Intramural Meet 2023.





Si Fiona Ponte mula sa pangkat Crawford, baitang 10 na ganadong naglaro at naghampas ng kanyang raketa sa Badminton Single Girls.

## Mga Resulta ng Laro Intramurals 2023

**BASKETBALL**
**Blue Royals 47**
Luisians 46

**VOLLEYBALL (Boys)**
**Blue Royals 25-19-15 (2)**
Luisians 16-25-12 (1)

**VOLLEYBALL (Girls)**
**Blue Royals 25-25 (2)**
Luisians 4-14 (0)

**SEPAK TAKRAW**
Blue Royals 16-15-19 (1)
**Luisians 17-20-16 (2)**

**TABLE TENNIS**
**Blue Royals Win**
Single A Boys: 13-15, 11-6, 11-3, 10-12, 13-11
Single A Girls: 11-1, 11-1
Single B Boys: 11-0, 11-2
Single B Girls: 11-3, 11-3
Doubles Boys: 11-2, 11-3
Doubles Girls: 11-1, 11-3
Mixed Doubles: 11-7, 11-3

**BADMINTON**
**Blue Royals Win**
Single A Boys: 21-5
Single B Boys: 21-20
Doubles Boys: 21-18
Single A Girls: 21-6
Single B Girls: 21-2
Doubles Girls: 21-15